Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-168-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Pinagpasiyahan ng kapulungan na hilingin sa humihiling na San Antonio Development Corporation na baguhin ang kanilang kahilingan ng pagpapanibagong gamit at uri ng lupain sapagka't kung ito ay mapagtitibay na residensiyal ito ay magiging taliwas sa pinagtibay na New Town Plan na inihanda ngayong taong 1991. Idinagdag pa ng Punong-bayan na ang gamit at uri ng lupang tinalakay ay gamit industriyal sa bagong planong binanggit.

****

Hinggil naman sa kahilingan ng Romanville ng pagpapanibagong-gamit at uri ng lupain ay pinagpasiyahan naman ng kapulungan na ang Lupon para sa Human Settlements ay magsagawa ng pagbibisita at gayundin ay alamin lamang kung ang lupain ay wala o mayroong napagtibay na Certificate of Land Transfer. Hiniling ng kapulungan na isulit ng lupon ang kanilang ulat sa kapulungan.

****

Ipinaalam din ni Kag. Entena ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang pagsasanay na makatutulong upang ang mga barangay tanod ay maging karapat-dapat sa tungkulin at malaman ang tunay nilang tungkulin at mga pananagutan. Iminungkahi niyang ang mga Hukom at Piskal ang maging mga tagapag-sanay. Pinagpasiyahang ipagpaliban ang pagtitibay sa panukala at sa halip ay kinakailangan diumano na magkaroon ng mga plano, programa at kaukulang paghahanda, iniatang sa Lupon ng Peace and Order upang siyang makipag-ugnayan sa Himpilan ng Pulisya.

KAUTUSANG BAYAN BLG. LIV-'91

APPROVED (Sa mungkahi ni Pang. Punong-bayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Puzon)
RESOLUTION No. 693-'91
PROVINCIAL BOARD
Disyembre 18, 1991

ANG KAUTUSANG BAYAN na nagtitibay ng paglalaan ng halagang SAMPUNG LIBONG PISO (₱10,000.00) upang iukol sa "Travelling Expenses" ng mga sumusunod na tanggapan:

1. Tanggapan ng Punong-bayan	₱ 7,000.00
2. Tanggapan ng Gen. Services Officer. .	3,000.00
	₱10,000.00

Ang palaan ay magmumula sa anumang pondong maaring iliwat.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ANTONIO B. DICTADO
Pang. Punong-bayan

ROBERTO K. GONZALES
Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO S. ALMODOVAR
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

LILIA C. LAZAGA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad